



Hedayah

countering violent extremism

# PAGPAPAHINA SA MGA BAYOLENTENG EKSTREMISTANG NARATIBO SA TIMOG SILANGANG ASYA

ISANG PATNUBAY KUNG PAANO

SARA ZEIGER

AGOSTO 2016





# **PAGPAPAHINA SA MGA BAYOLENTENG EKSTREMISTANG NARATIBO SA TIMOG SILANGANG ASYA**

ISANG PATNUBAY KUNG PAANO

SARA ZEIGER

Ang mga pananaw na ipinahayag sa Kompendiyum na ito ay mga opinyon ng may-akda, at hindi kinakailangang naglalarawan ng mga pananaw ng Hedayah o ng Pamahalaan ng Australia.

© Hedayah, 2016

Reserbado ang lahat ng mga karapatan.

Disenyo ng pabalat at layout ng lathalain ni Iman Badwan.

## HINGGIL SA KOMPENDIYUM NA ITO

Ang Kompendiyum na ito ay isang produkto na kasunod ng Regional Summit to Counter Violent Extremism (CVE) ng Australia na ginanap sa Sydney noong Hunyo 2015. Ang Kompendiyum na ito at ang kasamang anekso ng mga kontra-naratibo (Anekso 3) ay makukuha at maaakses sa umiiral na Aklatan ng Kontra-Naratibo ng Hedayah. Para sa higit pang impormasyon o pag-akses sa koleksiyon ng kontra-naratibo, mangyaring makipag-ugnayan sa [cnlibrary.admin@hedayah.ae](mailto:cnlibrary.admin@hedayah.ae).

Nagpapasalamat ang Hedayah sa Kagawaran ng Attorney-General ng Australia sa pagtangkilik sa proyektong ito, na kasama ang Kompendiyum at karagdagang suporta na isapanahon at pagbutihin ang Aklatan ng Kontra-Naratibo ng Hedayah. Para sa higit pang impormasyon hinggil sa proyektong ito, tingnan ang Anekso 1: Hinggil sa Proyekto.

## HINGGIL SA MGA MAY-AKDA

Si Sara Zeiger Sara Zeiger ay isang Senior Research Analyst sa Hedayah kung saan sinusupportahan niya ang Direktor ng Pananaliksik at Analisis sa pagsasakatuparan ng mga programa tulad ng non-resident Fellowship Program at ang taunang International CVE Research Conference ng Hedayah. Kamakailan kasamang pinatnugutan ni Zeiger ang isang tomo na pinamagatang *A Man's World? Exploring the roles of women in countering terrorism and violent extremism* kasama ang Global Center on Cooperative Security. Siya ang taong nakiki-pag-ugnay ng Hedayah sa Global Counterterrorism Forum (GCTF) upang suportahan ang pagbubuo at pagboborador ng kanilang dokumentong balangkas, ang *Abu Dhabi Memorandum on Good Practices for Education and CVE*. Dating nagsilbi si Zeiger bilang kasangguni ng Yunit ng Istratehiya at Paghahatid na inatasan sa pagtatayo at paglulunsad ng Hedayah noong 2012. Bago lumipat ng UAE, nagtrabaho siya bilang Katulong sa Pananaliksik sa Center for Middle Eastern Studies sa Harvard University. Nagsilbi rin siyang Head Teaching Fellow ng Harvard Extension School kung saan nagturo siya ng mga kurso ukol sa pulitika ng Gitnang Silangan. May hawak si Zeiger ng isang M.A. sa mga Ugnayang Internasyonal at Relihiyon (na may tuon sa mga Pag-aaral ukol sa Seguridad at Islam) mula sa Boston University at isang B.A. sa Sikolohiya at Relihiyon mula sa Ohio Northern University.

Bilang bahagi ng proyektong ito, isinagawa ng Hedayah ang isang palihan ng eksperto kung saan ang mga nangungunang eksperto mula sa rehiyon, kasama ang mga akademiko, tagapagsanay at opisyal ng pamahalaan, ay nagsama-sama upang bumuong anekso ng mga kontra-naratibo at mga pag-aaral ng kaso. Tinalakay din ng mga eksperto ang pagiging epektibo ng mga kontra-naratibo na kinilala at binigyan ng mga input sa online portal at koleksiyon na kinanlong ng Hedayah. Ang mga eksperto na dumalo sa palihan ay sina:

Ustadz Esmael Ebrahim

Danathi Galapitige

*Kedutaan Australia ke Indonesia*

Rozlan Giri

*S. Rajaratnam Sekolah Pengajian Antarabangsa*

Michele Grossman

*Universiti Victoria*

Elle Hendricks

*Jabatan Peguam, Australia*

Abdulhusin Kashim

*Damlag Council Inc.*

Pham Trung Kien

*Keganasan Negara, Vietnam*

Cemil Kilinc

*Hedayah*

Nava Nuraniyah

*Institut Analisis Dasar Konflik*

Enda Nurdiana

*Institut Wahid*

Amina Rasul

*Pusat Islam dan Demokrasi Filipina*

Fajar Riza al Haq

*Institut Maarif*

Ryan Rahardjo

*Google Indonesia*

Thomas Samuel

*Pusat Rantau Asia Tenggara bagi Anti Keganasan*

Ahmad Suaedy

*Abdurrahman Wahid Centre for Inter-Faith Dialogue and Peace*

Papakorn Vorasathit

*Pejabat Majlis Keselamatan Negara, Thailand*

Mark Whitechurch

*Jabatan Peguam, Australia*

Sara Zeiger

*Hedayah*

Alamsyah

*Institut Wahid*

## MGA PAGKILALA

Karagdagan sa mga konsultasyon sa itaas, nagpapasalamat ang may-akda kina Cemil Kilinc, Lilah El Sayed at Carrisa Tehputri para sa kanilang pananaliksik sa pinanggalingan, mga kaisipan at komento. Nagpapasalamat din ang may-akda sa Countering Violent Extremism Centre ng Australian Attorney-General's Department sa kanilang patnubay, mga kabatiran at konsultasyon sa buong proyektong ito.

## PANIMULA

Kasabay ng pagtamo ng *ad-Dawla al-Islamiyyah fi al-Iraq wa as-Sham* (Daesh, o ang “Islamikong Estado ng Iraq at as-Sham,” ISIS) ng teritoryo sa Iraq at Syria at ang kanilang wala pang nakakagawang kakayahan na mangalap ng mga indibidwal na sumama sa kanilang laban, ang pangangailangan na bumuo ng mas mahusay na mga dulong, istrategiya, polisiya at programa laban sa terorismo ay mas nararapat at napipinto higit kailanman. Ang mga internasyonal na organisasyon at pamahalaan ay nakikipagbuno sa mga masalimuot na hamon ng pagbuo ng mas mahusay at mas nagtutugma na tugon sa mga grupo tulad ng Daesh, pati na ng pagbibigay-kahulugan sa mga pamamaraan upang pigilan ang higit pang radikalismong at pangangalap o ang paglitaw ng bagong bayolenteng ekstremismo at terorismo. Tulad ng ipinakikita ng mga pag-atake noong Enero 2016 sa Jakarta, Indonesia, ang mga epekto ng internasyonal at lokal na bayolenteng ekstremista sa Timog Silangang Asya ay nagpapatuloy na nag-iimpluwensiya sa mga balangkas pangseguridad ng mga indibidwal na bansa at ng rehiyon sa kabuuan.

Ang layon ng kompendiyum na ito ay magbigay ng patnubay at kabatiran sa mga tagapagsanay, tagagawa ng polisiya, pamahalaan at organisasyon ng lipunang sibil sa Timog Silangang Asya na interesado sa pagbubuo ng mga kontra-naratibo at alternatibong naratibo sa pagmemensahe na nilikha ng mga bayolenteng ekstremista. Huhugot ang kompendiyum sa mabuting kasanayan sa maraming bansa at mga aralin na natutunan upang ipabatid at hikayatin ang mga aktor na ito na gamitin ang mga pinakaepektibong pamamaraan at istrategiya.

Nagsisimula ang kompendiyum sa dulong na ipinakikita ang bawat hakbang sa mga kontra-naratibo, na may mga malinaw na halimbawa mula sa Timog Silangang Asya. Pagkatapos mas malalim na sisisirin ng kompendiyum ang ilang mga pag-aaral ng kaso, na pinapatingkad ang mga elemento ng mabuting kasanayan mula sa rehiyon bago magharap ng isang detalyadong anekso ng higit 70 umiiral na kontra-naratibo mula sa Timog Silangang Asya (Anekso 3).

Dapat pansinin na ang mga naratibo at kasunod na analisis ng mga naratibo at kontra-naratibo na nilalaman ng ulat na ito ay karamihang nagtutuon sa bayolenteng ekstremismo ng mga grupo na nag-aangkin bilang Islamiko, pangunahin dahil sa mayorya ng mga banta na inihaharap ng mga bayolenteng ekstremistang grupo sa Timog Silangang Asya ay pumapatak sa ilalim ng kategoryang ito. Gayunman, hindi nito sinasabi na ang bayolenteng ekstremismo ay nauugnay lamang sa kategoryang nasa itaas, at may mga halimbawa ng kaso mula sa mga anyong hindi Islamiko ng bayolenteng ekstremismo. Para sa mas mabulas na pagtatasa ng mga banta ng bayolenteng ekstremismo sa rehiyon, sumangguni sa Anekso 2: Bayolenteng Ekstremismo sa Timog Silangang Asya.

Mahalaga na ilatag ang terminolohiya na inangkop sa buong kompendiyum. Ang katawagang “naratibo” ay pangkalahatang tumutukoy sa kuwento o salaysay ng pangangalap ng mga bayolenteng ekstremista, samantalang ginagamit ang mga “kontra-naratibo” upang bawasan ang pang-akit ng bayolenteng ekstremismo. Kasama sa mga kontra-naratibo ang mga argumentong pansalungat pati mga positibong, alternatibong naratibo at mga komunikasyong istrategiko ng pamahalaan.

Ang mga nilalaman ng kompendiyum na ito ay nakasalalay sa ilang bilang ng mga batis: 1) pananaliksik sa panitikang akademiko at polisiya na isinagawa ng may-akda; 2) isang palihan ng eksperto hinggil sa “South East Asia Counter-Narratives for Countering Violent Extremism (CVE)” na pinagpunong-abalahan ng Hedayah at ng Jakarta Centre for Law Enforcement Cooperation (JCLEC) sa Semarang, Indonesia noong Marso 2016 at ang kasunod na ulat;<sup>1</sup> at 3) isang proseso ng konsultasyon hinggil sa mga bersiyon na borador ng kompendiyum kasama ang mga panrehiyong eksperto at tagagawa ng polisiya mula sa rehiyon.

<sup>1</sup> Ang Palihan ng Eksperto sa Semarang ay nagtipon ng mga 21 akademiko, tagagawa ng polisiya, tagapagsanay, kinatawan ng lipunang sibil at pribadong sektor mula sa rehiyon ng Timog Silangang Asya upang talakayin at pagdebatehan ang mga pinakaepektibong kontra-naratibo. Matatagpuan dito ang ulat mula sa Palihan ng Eksperto: <http://www.hedayah.ae/pdf/cn-se-asia.pdf>.





## **ANO ANG “COUNTERING VIOLENT EXTREMISM (CVE)” [PAGSALUNGAT SA BAYOLENTENG EKSTREMISMO]?**

Sa espektro ng mga dulong laban sa terorismo, ang mga “malambot” o “pamigil” na istrategiya, polisiya at programa na kumikilala at humahamon sa mga salik na “tumutulak” at “kumakabig” sa radikalismong pangangalap ay inilarawan bilang “pagsalungat sa bayolenteng ekstremismo” o mga programa at polisiyang CVE.

Para sa mga layunin ng kompendiyum na ito, inilalarawan ng CVE kapwa ang mga istrategiyang pamigil na mas pangmatagalang tumutugon sa mga potensiyal na makro na salik sosyo-ekonomiko at pulitikal, at mga espesipikong idinisenyo na inaasintang interbensiyon na nagaganap kapwa sa antas ng pamayanan at indibidwal (kasama ang mga pagpapayong siko-sosyal para sa mga indibidwal na nasa panganib pati ang mga nakadetene).

# PAGBUBUO NG ISANG KONTRA-NARATIBO

Sa pagbuo ng isang kontra-naratibo laban sa mga bayolenteng ekstremista, may ilang pangunahing hakbang:



## 1 TASAHAH ANG MGA NARARAPAT NA SALIK NA TUMUTULAK AT KUMAKABIG

Katulad ng anumang epektibong istrategiya, polisiya o programang CVE, mahalagang simulan sa isang pagtatasa sa batayang-linya ng mga pangunahing banta at tagapagtaguyod ng radikalismong at pangangalap sa lokal na antas bago bumuo ng tugon na kontra-naratibo. Tumutukoy ang mga tumutulak na salik sa mga hinang na sosyo-ekonomiko (tunay o nadarama) na may kinalaman sa mga puwersa at panggigipit na panlabas sa isang indibidwal, halimbawa: mga tensiyong etniko, kawalan ng mga oportunidad na pang-ekonomiko, kawalan ng trabaho, mababang pinag-aralan, mga pagkilos ng pamahalaan o militar. Tumutukoy ang mga salik na kumakabig sa mga salik siko-sosyal na humahatak sa isang indibidwal sa bayolenteng ekstremismo, halimbawa: ideolohiya, diwa ng layunin, pagnanasa na maging bayani at mga insentibong pang-ekonomiko. Batay sa mga talakayan at kinahinatnan ng palihang Semarang, kinilala ang ilang bilang ng mga salik na tumutulak at kumakabig na pinakakaraniwan sa Timog Silangang Asya, at pinatingkad sa pigura sa ibaba.

MGA SALIK NA TUMUTULAK	MGA SALIK NA KUMAKABIG
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkatakot sa Islam</li> <li>• Pananalitang naghihikayat ng pagkapoot</li> <li>• Kawalan ng demokratisasyon</li> <li>• Kawalan ng edukasyon at pag-iisip na kritikal</li> <li>• Marhinalisasyon at kawalan ng pagpaparaya sa etniko at relihiyon</li> <li>• Kahirapan</li> <li>• Mga operasyong miliar ng mga Kanluraning pamahalaan sa Afghanistan at Iraq</li> <li>• Mga pagkadama ng pagiging biktima at sekondaryang trauma may kaugnayan sa pagdurusa ng mga Muslim sa labas ng rehiyon (mga Palestino, nagsipaglikas mula sa Syria)</li> <li>• Mahinang sistema ng katarungan</li> <li>• Karahasan sa pamayanan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkakakilanlang pulitikal</li> <li>• Pagkakakilanlang kultural at relihiyoso</li> <li>• Impluwensiya ng midya</li> <li>• Mga pagkadama ng pagiging biktima</li> <li>• Mga insentibo ng pera</li> <li>• Ideyalisasyon ng mga dating lumaban mula sa Afghanistan at ibang mga labanan</li> <li>• Diwa ng pagkamit ng isang “dalisa ng Islam”</li> <li>• Diwa ng pakikipagsapalaran</li> <li>• Mga pagkadama ng kapang-yarihan</li> <li>• Oportunidad ng transpormasyon at pagbabago ng kanilang mga pamayanan</li> </ul>

**Pigura 1: Mga Salik na Tumutulak at Kumakabig sa Timog Silangang Asya<sup>2</sup>**

Mahalaga muna na tasahin ang mga lokal na salik na tumutulak at kumakabig bago kilanlin ang inaasintang tagapakinig, nilalaman, mensahero o midyum na nararapat sa mensahe. Mahalaga ito dahil sa dalawang dahilan. Una, tumutulong ang pagkilala sa mga nararapat na salik na tumutulak at kumakabig na iwasan ang mga may pagkiling na akala ng mga pinaka “bulnerableng” populasyon. Ikalawa, inaakay ng pagtatasaang ito ang tagabuo ng kontra-naratibo sa inaasintang populasyon na maaaring pinakamaaapektuhan ng isang kontra-naratibo o alternatibong naratibo. May kaugnayan din ang mga salik na tumutulak at kumakabig sa nilalaman at mensahero ng kontra-naratibo. Halimbawa, kung ang susing salik na tumutulak ay mga operasyong militar ng mga Kanluraning pamahalaan, hindi maaaring maging pinakaepektibong mensahero ang Kanluraning militar para sa partikular na grupong inaasinta.

<sup>2</sup> Ang orihinal kinuha mula sa Sara Zeiger, *Counter-Narratives for Countering Violent Extremism (CVE) in South East Asia* (Abu Dhabi: Hedayah, 2016), <http://www.hedayah.ae/pdf/cn-se-asia.pdf>.



## 2 KILANLIN ANG INAASINTANG TAGAPAKINIG

Isa sa pinakamahalagang sangkap ng pagbuo ng kontra-naratibo ay ang pagkilala sa inaasintang tagapakinig. Sa katunayan, ang pagkamit sa naratibo nang hindi malinaw na binigyang kahulugan ang inaasintang populasyon “ay isang resipe sa kawalan sa pagiging epektibo sa pinakamahusay nito at sa mga pinakamalalang kaso ay maaaring magkasamang bumuwelta.”<sup>3</sup> Mag-aambag din ang inaasintang tagapakinig sa pagtiyak ng mga layunin ng mga mensahe, pati pag-ebalweyt kung matagumpay o hindi ang mensahe. Dapat pansinin din na kapag ang susing tagaimpluwensiya (tingnan ang seksiyon sa ibaba) ang inaasintang tagapakinig ng mensahe, may mahalagang papel ang inaasintang tagapakinig sa pagtataguyod at pagpapalakas ng mensahe upang maabot ang mga indibidwal na maaring pinakamadaling maimpluwensiyahan sa pangangalap at radikalisasyon tungong bayolenteng ekstremismo.

Ideyal na kasama sa isang pagtatasa sa batayang-linya ng lokal na inaasintang tagapakinig ang datos ukol sa edad, kasarian, etnisidad, mga interes na pampamayanan at uri ng online at offline na pakikitungong panlipunan. Maaaring tasahin ang mga inaasintang tagapakinig para sa mga uri ng mga mensahe na tumatatak sa pamayanan pati ang wika na pangunahing anyo ng komunikasyon sa pamayanang iyan (o sub-pamayanan). Samantalang may kakaunting pananaliksik kung paano nakaaapekto ang mga mensahe sa mga populasyon sa pangkalahatan, posible na kumuha ng ilan sa datos na ito mula sa umiiral na pananaliksik sa pamilihan na isinagawa para sa ibang mga layunin (halimbawa, mula sa mga kompanya ng teknolohiya na ang mga produkto ay pangunahing nilayon para sa kabataan). Ang mga social media platform ay maaari nito ring isapubliko ang datos, at maaaring makipagtulungan ang mga tagabuo ng mga kontra-naratibo sa mga kompanya ng teknolohiya at social media upang pagsamahin ang mga kinakailangang datos para isang partikular na rehiyon o sub-rehiyon. Sa kaso na walang datos ng pagtatasa sa batayang-linya, maaaring kapaki-pakinabang na magsagawa ng mga sarbey sa pamamagitan ng telepono o mga palatanungang personal ng mas maliit na grupo upang malaman kung paano maaaring tanggapin ng tagapakinig ang isang partikular na uri ng mensahe. Ang piniling inaasintang tagapakinig ay maaaring pumatak sa isa o higit pa sa mga kategorya sa ibaba:

<sup>3</sup> William D. Casebeer at James A. Russell, “Storytelling and Terrorism: Towards a Comprehensive Counter-Narrative Strategy,” *Strategic Insights* 4, no.3 (March 2005), [http://www.au.af.mil/au/awc/awcgate/nps/casebeer\\_mar05.pdf](http://www.au.af.mil/au/awc/awcgate/nps/casebeer_mar05.pdf), p. 7.

## 2 IDENTIFIKASI TARGET AUDIENS

### PANGKALAHATANG POPULASYON

Ang mga kontra-naratibo na naglalayong maabot ang pangkalahatang populasyon ay maaaring idiin ang “pagkakaisa, mga karaniwang dahilan at pinagsasaluhang pagpapahalaga”<sup>4</sup> o himukin ang tahimik na mayorya na gumana ng mas aktibong papel sa pagpigil sa pagpapalaganap ng mga bayolenteng ekstremistang naratibo. Maaari rin nitong isama ang mga sub-populasyon tulad ng kabataan.

### MGA SUSING TAGAIMPLUWENSIYA

Maaaring isama sa mga susing tagaimpluwensiya ng mga bulnerableng populasyon ang mga guro, miyembro ng pamilya, man-gagawa ng pangangalagang pangkalusugan, o opisyal ng pulisya. Maaaring magtuon ang mga mensahe na nilayon sa mga ganitong uri ng mga populasyon sa pagbibigay ng mga mapagkukunan at importasyon na maaari nilang iparating sa panghuling inaasintang populasyon yaong mga pumapanaog sa daan ng radikalisasyon at pangangalap.

### MGA NAKIKISIMPATIYA SA MGA BAYOLENTENG EKSTREMISTANG IDEYA

Kasama sa kategoryang ito ang mga bulnerableng indibidwal na maaaring bukas o simpatetiko sa bayolenteng ekstremistang nilalaman. Kasama rin sa kategoryang ito ang mga taong pasibong sumusuporta o pinahihintulutan ang bayolenteng ekstremistang nilalaman na maging bahagi ng kanilang normal na pang-araw-araw na buhay. Maaari silang hindi aktibong nakikitungo sa bayolenteng ekstremistang nilalaman, ngunit pinahihintulutan ang mga bayolenteng ekstremistang mensahe na maging bahagi ng kanilang mga pamayanan.

### MGA NAGBIBIGAY- KATWIRAN SA BAYOLENTENG EKSTREMISMO

Kasama sa kategoryang ito ang mga aktibong nakikisangkot sa bayolenteng ekstremistang pagmemensahe ngunit hindi pa bahagi ng grupo. Maaaring kasama dito ang pagpapalakas ng mga naratibo ng mga bayolenteng organisasyon, o pagkakaroon ng mga aktibong pakikipag-usap sa mga bayolenteng ekstremista, na may layon na kumilos, sumama o aktibong sumuporta sa iba upang gumawa nito.

### MGA NAGPAPAKANA NG BAYOLENTENG EKSTREMISMO

Ang mga indibidwal na ito ay aktibong nakikilahok sa bayolenteng ekstremismo o hinihimok ang iba na sumama.

<sup>4</sup> Rachel Briggs at Sebastien Feve, *Review of Programs to Counter Narratives of Violent Extremism*, (London: Institute for Strategic Dialogue, 2013), [https://www.counterextremism.org/download\\_file/117/134/444/](https://www.counterextremism.org/download_file/117/134/444/), p. 18.

### 3 KILANLIN ANG EKSPLOSITO O IMPLISITONG NARATIBO NA SINASALUNGAT

Isa sa mga pinakamahalagang rekomendasyon alinsunod sa mabuting kasanayan sa maraming bansa sa pagbubuo ng mga epektibong kontra-naratibo laban sa bayolenteng ekstremismo ay ang matuto ang mga tagabuo ng kontra-naratibo mula mismo sa mga naratibo ng bayolenteng ekstremista.<sup>5</sup> Sa bagay na ito, mahalaga na matanto ang uri ng naratibong ginagamit ng mga bayolenteng ekstremista at kanilang mga mensahero upang mas mahusay na maiakma at maituon ang angkop na kontra-naratibo o alternatibong naratibo. Karagdagan pa, mahalaga na patingkarin ang lohikal na daloy o istruktura ng naratibo upang kilanlin ang mga susing argumento na ginagamit ng mga bayolenteng ekstremista. Panghuli, mahalaga na kilanlin ang mgapotensiyal na kahinaan sa mga bayolenteng ekstremistang naratibo upang gamitin sila sa trabahong kontra-naratibo.

#### Mga Uri ng mga Naratibong Ginagamit ng mga Bayolenteng Ekstremista

Para sa radikalismasyon at pangangalap sa Timog Silangang Asya, ang mga pinakakaraniwang uri ng mga naratibo na ginagamit ng mga bayolenteng ekstremista ay:



#### Naratibong relihiyoso o ideolohikal

Gumagamit ang mga uring ito ng mga naratibo ng mga konseptong relihiyoso o ideolohikal upang bigyang-katwiran ang huling layunin ng teroristang organisasyon pati ang paggamit ng karahasan upang makamit ang layuning iyan.<sup>6</sup> Idinadahilan ng mga sangkap relihiyoso ng naratibo ang banal na pagkalehitimo sa kuwento, na siya namang nagpapalakas sa naratibo para sa mga tumatanggap nito. Kasama sa kategorisasyon na ito ng naratibo, halimbawa, ay isang naratibong moral na kung saan ang kanluran ay tiwali, at ang tama daan lamang ay sa pamamagitan ng paraan ng Islam.<sup>7</sup>

Ang naratibong relihiyoso o ideolohikal ay malamang ang pinakakaraniwang uri ng naratibo kapag sumapit sa konteksto ng Timog Silangang Asya. Ayon sa isang ulat hinggil sa radikalismasyon sa internet sa Timog Silangang Asya, kasama sa mga pangunahing website sa Bahasa Indonesia at Malay na nagpapakalat ng materyal ng Jemaah Islamiyyah (JI) at Al-Qaeda “ang mga maingat na piniling bersong Koraniko, pati mga artikulong akademiko at ulat ng mga balita... na naglalaman ng mga mensahe na umiikot sa tema ng isang pandaigdig na pamayanang Muslim na naging biktima na inaatake, na hinihimok ang pangangailangan na gumanti.”<sup>8</sup> Sa katulad na paraan, gumamit ang Konseho ng Mujahidin Syura sa Thailand sa kanilang online media platform na Lathalaing KhatTab Media upang isalin ang relihiyosong opinyon ni Abdullah Azzam (Palestinong intelektwal na nasa likod ng Al Qaeda), at may malaking ambag sa maramihang diseminasyon ng relihiyosong pagbibigay-

<sup>5</sup> Alex P. Schmid, Al Qaeda’s “Single Narrative” and Attempts to Develop Counter-Narratives (The Hague: International Centre for Counter-Terrorism, 2014), <http://www.icct.nl/download/file/Schmid-Al-Qaeda's-Single-Narrative-and-Attempts-to-Develop-Counter-Narratives-January-2014.pdf>; Hedayah at ang International Centre for Counter-Terrorism—the Hague, *Developing Effective Counter-Narrative Frameworks for Countering Violent Extremism (CVE)* (Abu Dhabi: Hedayah and ICCT, 2014), <http://www.hedayah.ae/pdf/developing-effective-counter-narrative-frameworks-for-countering-violent-extremism.pdf>.

<sup>6</sup> Rohan Gunaratna and Orla Hennessy, *Through the Militant Lens: The Power of Ideology and Narrative*, (The Hague: International Centre for Counter-Terrorism, 2012), <http://www.icct.nl/download/file/ICCT-Gunaratna-Hennessy-Through-the-Militant-Lens-June-2012.pdf>; Kuman Ramakrishna, *It’s the Story, Stupid: Developing a Counter-Strategy for Neutralizing Radical Islamism in South East Asia*, (London: Defense Academy of the United Kingdom, Research and Assessment Group, 2005).

<sup>7</sup> Kessels, *Countering Violent Extremist Narratives*.

<sup>8</sup> Bergin, Anthony, Sulastri Bte Osman, Carl Ungerer at Nur Azlin Mohamed Yasin, *Countering internet radicalisation in South East Asia* (Barton: Australian Strategic Policy Institute, 2009), [https://www.aspi.org.au/publications/special-report-issue-22-countering-internet-radicalisation-in-southeast-asia/9\\_22\\_46\\_AM\\_SR22\\_Countering\\_internet\\_radicalisation.pdf](https://www.aspi.org.au/publications/special-report-issue-22-countering-internet-radicalisation-in-southeast-asia/9_22_46_AM_SR22_Countering_internet_radicalisation.pdf), pp. 6-7.

katwiran ng karahasan at terorismo sa mga pamayanan na nagsasalita ng Malay.<sup>9</sup> May dalawang pangunahing naratibong relihiyoso na ginagamit ng mga bayolenteng ekstremista na may partikular na aplikasyon sa Timog Silangang Asya. Ang bawat isa ay inilarawan sa ibaba, na sinundan ng mga halimbawa mula sa rehiyon.

### 1. Ang konsepto ng jihad bilang kinakailangang kaugnay ng karahasan, *fard al-ayn*.

Ang konseptong ito ay madalas ipinapareha sa tema ng pagiging biktima: na ang mga Muslim ay binibiktima “sa mga kamay ng isang nadaramang pandaigdigang digmaan laban sa Islam.”<sup>10</sup> Ang jihad, ayon sa mga bayolenteng ekstremista, ay isang kinakailangan at obligatoryong labanan upang ipagtanggol ang mga kapwa Muslim mula sa kawalan ng katarungan. Halimbawa, isinaad ng dating miyembro ng JI na si Ali Imron sa kanyang talambuhay na ang pinakamapanghimok na naratibo ay yaong katungkulang relihiyoso, at na ang jihad ay kinakailangang bayolente.<sup>11</sup> Sa katulad na paraan, idinidiin ng mga naratibong Daesh ang ahensiya ng karaniwang Muslim na lumahok sa bayolenteng jihad bilang isang indibidwal at katungkulang pansibiko.<sup>12</sup> Kapag sumapit sa mga naratibong Daesh, isa pang karaniwang tema ay ang patingkarin ang pagwawagi o tagumpay ng kanilang mga kampanya ng bayolenteng digmaan bilang patunay ng kanilang “pagiging totoo na may bendisyon ng Diyos.”<sup>13</sup>

### 2. Ang konsepto ng *al-wala wa’l-bara*, na nagpopolarisa sa daigdig sa pagitan ng mga Muslim at hindi Muslim.

Kaugnay ng konseptong ito ay ang ideya ng *takfir*, o ipahayag ang isa bilang “apostata” o hindi Muslim. Halimbawa, ayon sa talambuhay ni Imron, ang mga pag-atake sa Bali ay “idinidirekta sa mga nagpakana ng hindi pagsunod at *kafir*, upang tigilan nila ang mga masasamang bisyo at ihinto ang mga nakasisirang moralidad ng tao.”<sup>14</sup> Sa katulad na anyo, idinidiin ng mga naratibong Daesh ang pagiging kagyat ng sitwasyon sa Syria at Iraq, na ipinangangatwiran na ang mga Muslim ay kinakatay ngayon, at na ang mga naglunsad ng Krusada, Hudyo, ang *kuffar* (mga taong hindi naniniwala sa relihiyong Islam) at ang *rafida* (mga apostata, na tumutukoy sa mga Muslim na Shi’a) at ang kanilang “mga mapaniil na tutang rehimen” ay siyang sisisihin.<sup>15</sup> Sa katulad na paraan, ang kapatid ng tagapagtatag<sup>16</sup> ng the Abu Sayef Group (ASG) sa Pilipinas, si Qadhafy Janjalani, ay sumasangguni sa Surat At-Tawbah (29) at Surat Al-Anfal (39) upang bigyang-katwiran ang bayolenteng jihad, kasama ang laban sa mga hindi Muslim pati ang mga taong “Inako nilang sila ay mga Muslim” at sibilyan.<sup>17</sup>

## Mga naratibong pulitikal

Naglalaman ang naratibong pulitikal ng mga elemento ng mga layuning pulitikal tulad ng pagbabago ng pamahalaan, isang bagong istruktura ng estado, o ang institusyon ng isang bagong legal na sistema.<sup>18</sup> Sa ilang mga halimbawa, ang mga naratibong pulitikal ay ipinapareha rin sa mga naratibong relihiyoso, upang bigyan ng pagiging lehitimo ang mga layuning pulitikal sa pamamagitan ng relihiyosong awtoridad.

<sup>9</sup> Bergin et. al, *Countering internet radicalization in South East Asia*.

<sup>10</sup> Charlie Winter, *The Virtual ‘Caliphate’ Understanding Islamic State’s Propaganda Strategy* (London: Quilliam Foundation, 2015), <http://www.quilliamfoundation.org/wp/wp-content/uploads/2015/10/FINAL-documenting-the-virtual-caliphate.pdf>, p. 24.

<sup>11</sup> Sim, *Countering Violent Extremism: Leveraging Terrorist Dropouts to Counter Violent Extremism in South East Asia*, Annex A, p. 5.

<sup>12</sup> Alberto M. Fernandez, *Here to stay and growing: Combating ISIS propaganda networks*, (Washington, D.C.: The Brookings Institution, 2015), [http://www.brookings.edu/~media/research/files/papers/2015/10/combating-isis-propaganda-fernandez/is-propaganda\\_web\\_english.pdf](http://www.brookings.edu/~media/research/files/papers/2015/10/combating-isis-propaganda-fernandez/is-propaganda_web_english.pdf), p. 11.

<sup>13</sup> Ibid., p. 12.

<sup>14</sup> Sim, *Countering Violent Extremism: Leveraging Terrorist Dropouts to Counter Violent Extremism in South East Asia*, Annex A, p. 5.

<sup>15</sup> Fernandez, *Here to stay and growing*.

<sup>16</sup> Ang tagapagtatag ng ASG ay si Abubakar Janjalani.

<sup>17</sup> Rommel C. Banlaoi, *Al-Harakatul Al Silamiyyah: Essays on the Abu Sayyaf Group*, (Manila: Philippine Institute for Peace, Violence and Terrorism Research, 2012), p. 121.



Isa sa mga pangunahing naratibo ng bayolenteng ekstremista sa Timog Silangang Asya ay nagsasalaysay sa pulitikal na pagtatayo ng isang “estado” na may relihiyosong awtoridad sa isang pagtatangka na bigyan ito ng pagiging lehitimo. Paminsan-minsan ito rin ay ipinapareha sa aspirasyon ng pagkontrol ng teritoryo. Ipinangatwiran ng JI na kasama sa kanilang pangunahing layunin, isang panrehiyon na *Dawla Islamiyah* (isang estadong Islamiko), ang pagkakaisa ng relihiyon, pulitika at militar. Upang makamit ang layuning ito, ipinangatwiran din ng JI na may pangangailangan para sa isang Muslim na maging bahagi ng isang grupo (Al Jamaah) bilang isang “tagapaghawan sa pagtatatag ng isang estadong Islamiko.”<sup>19</sup>

Bagaman nabawasang malaki ang mga network ng JI sa nakaraang dekada, maaaring ang mga indibidwal at network na dating kaanib ng JI ay partikular na nahimok ng mga aspirasyong pulitikal ng Daesh kung nakikita nilang ang pagbubuo ng Khilafa (Kalipato) bilang lehitimo. Ito ang kaso, halimbawa, ng grupong Indones na Mujahidin Indonesia Timur (MIT), na pinamumunuan ng kilalang-kilalang si Santoso, na numpang katapatan sa Daesh noong Hulyo 2014.<sup>20</sup> Inaangkin ng grupo mismo ang isang maliit na teritoryo sa Poso, ang makasaysayang lokasyon ng tunggalian sa pagitan ng mga awtoridad ng Indonesia at lokal na kaanib ng JI, at kaya “ang Poso ay naging simbolikong puso ng suportang ISIS sa Indonesia.”<sup>21</sup>

Inaangkin ng mga naratibong Daesh ang pagiging totoo na may bendisyon ng Diyos ng organisasyon sa pamamagitan ng pagtatatag ng estado (*Khilafa*) ngayon at ang implementasyon ng Sharia ngayon.<sup>22</sup> Ipinipinta ng mga naratibong Daesh ang isang larawang utopiko ng *Khilafa*—na idinidiin ang mga ideya na maaaring komontrol ng teritoryo, magbigay ng akses sa tubig at kuryente, magbigay ng ligtas at matatag na imprastruktura at magbigay ng edukasyon ang Daesh sa kanyang “mga mamamayan.” Ayon kay Charlie Winter, idinidiin ng mahigit 50% ng mga naratibong Daesh ang bisyong utopiko ng *Khilafa*.<sup>23</sup> Ang taktikang ito ay ginamit ng Daesh upang asintahin ang mga kinalap mula sa Timog Silangang Asya. Halimbawa, isang bidyo na pinamagatang *Cahaya Tarbiyah Di Bumi Kilafah* (Edukasyon sa Kalipato) ang nagpapakita ng mga batang nagsasalita ng Malay na bumibigkas ng Qur’an, nagdarasal, natututo sa paaralan, at nagsasanay ng mga sandata. Tinatangka ng ganitong uri ng bidyo na idiin ang kanilang kakayahan na maglaan sa mga hinaharap na henerasyon sa mga teritoryong kontrolado ng Daesh.<sup>24</sup>

Sa partikular ng Daesh, bahagi ng kanyang naratibo sa pangangalap ay ang mag-sagawa ang mga kinalap ng isang *hijrah* (migrasyon) sa teritoryong kontrolado ng Daesh sa Syria at Iraq. Nagbibigay ang isang artikulo sa Isyu 3 ng magasing *Dabiq* ng payo sa mga manlalakbay (lalo na ang mga dayuhang mandirigma):

Huwag alalahanin ang pera o tutuluyan ninyo at inyong pamilya. May napakaraming mga tahanan at mapagkukunan upang tustusan kayo at inyong pamilya. Isaisip na ang Khilafah ay isang estado na ang mga naninirahan at sundalo ay mga taong nilalang. Hindi sila mga anghel na hindi nagkakamali. Maaaring makakita kayo ng mga bagay na nangangailangan ng pagpapahusay at na pinapahusay.<sup>25</sup>

<sup>18</sup> Tingnan ang Gunaratna and Hennessy, *Through the Militant Lens*; Ramakrishna, *It’s the Story, Stupid; Sim, Countering Violent Extremism: Leveraging Terrorist Dropouts to Counter Violent Extremism in South East Asia*; Ashour, “Online De-Radicalization?”; Kessels, *Countering Violent Extremist Narratives*.

<sup>19</sup> Ramakrishna, *It’s the Story, Stupid*, p. 17.

<sup>20</sup> Robi Sugara, “Santoso: The Terrorist Leader from Nowhere,” *Counter Terrorist Trends and Analysis* 6, no. 10 (November 2014): 23–26.

<sup>21</sup> Institute for Policy Analysis of Conflict, *Online Activism and Social Media Usage among Indonesian Extremists* (Jakarta: IPAC, 2015), [http://file.understandingconflict.org/file/2015/10/IPAC\\_24\\_Online\\_Activism\\_Social\\_Media.pdf](http://file.understandingconflict.org/file/2015/10/IPAC_24_Online_Activism_Social_Media.pdf), p. 15.

<sup>22</sup> Fernandez, *Here to stay and growing*.

<sup>23</sup> Winter, *Documenting the Virtual ‘Caliphate’* (London: Quilliam Foundation, 2015), <http://www.quilliamfoundation.org/wp/wp-content/uploads/publications/free/documenting-the-virtual-caliphate.pdf>.

<sup>24</sup> A. Chan, “The Call of ISIS: The medium and the message attracting South East Asians,” *Counter Terrorist Trends and Analysis* 7, no. 4 (2015): 4–9; Z. Abuza, Z. Abuza, *Joining the New Caravan: ISIS and the Regeneration of Terrorism in South East Asia* (Washington, D.C.: Strategic Studies Institute, 2015), <https://www.strategicstudiesinstitute.army.mil/index.cfm/articles/joining-the-new-caravan/2015/06/25>.

Ayon kay Winter, naglalaman din ang mga naratibong Daesh ng tema ng awa—ang Daesh ay “patatawarin ang dating kinaaaniban ng isa, sa kondisyon na ganap na itinatakwil at ang pagsunod sa ang ‘kalipato’ ay ginagarantiya.”<sup>26</sup> Ito ay isa pang mahalagang elemento ng pagbubuo ng estado: lahat ay malugod na tinatanggap na maging bahagi ng “estado” hangga’t nanumpa ng katapatan.

Huling halimbawa ng isang naratibong pulitikal ay ang pag-aangkin ng mga bayolenteng ekstremista na ang mga pamahalaan ay sa paanuman pinagbabawalan ang mga Muslim na isagawa ang kanilang pananampalataya, at kaya ilehitimo bilang awtoridad ng mga Muslim. Halimbawa, isang polyeto mula sa Mujahidin Indonesia Timur (MIT) ng Indonesia ang nangangatwiran na iniinsulto ng mga Amerikano at Sionista ang Propeta, pinagbabawalan ang mga Muslim sa pananalangin, pinapatay ang mga Muslim habang nananalangin, hinahamak ang mga kababaihan sa mga kulungan at sinasaktan ang mga bata.<sup>27</sup> Sa katulad na paraan, isinasaad ng isang bidyo ng Jund al-Khilafah sa Pilipinas na pinagbabawalan ng pamahalaang Pilipino ang kalalakihan na magpatubo ng kanilang balbas at ang mga kababaihan sa pagsusuot ng hijab.<sup>28</sup> Ang mga naratibong ito, bagaman iniinkorpora ang mga elementong relihiyoso, ay sa huli pulitikal dahil nagsisikap silang pahinain ang kredibilidad ng namamahalang pamahalaan at kinukwestyon ang kanilang awtoridad na mamahala.<sup>29</sup>

### Naratibong Sosyal o Heroiko

Ang susunod na kategorisasyon ng mga naratibo na ginagamit ng mga bayolenteng ekstremista ay ang mga naratibong sosyal/heroiko o naratibong sosyo-sikolohikal. Nagtutuon ang ganitong uri ng naratibo sa gloripikasyon ng mga bayolenteng pagkilos, kasama ang terorismo, pati ng kanilang mga nagpakana. Tuwirang iniugnay din sila sa mga hinaing.<sup>30</sup> Isang halimbawa ng naratibong sosyal/heroiko ay ang ideya na ang mga Muslim ay nagdurusa sa ibang panig ng daigdig, at may personal na pananagutan ang isang indibidwal na protektahan ang mga kapwa Muslim mula sa pananakit. Ipinahiwag ni Umar Patek na tagabomba ng JI na ang pagdurusa ng mga Muslim sa Palestina, Bosnia at Chechnya, Thailand at Pilipinas ang nag-udyok sa kaniya na sumama sa JI sa unang kaso. Ipinangangatwiran ni Rohan Gunaratna na ang mga Muslim sa Malaysia sa partikular ang naging vulnerable sa mga bayolenteng ekstremistang ideolohiya na may kaugnayan sa mga alalahaning internasyonal, sa halip na lokal, at sa katunayan atubili ang mga Malaysian na atakehin ang kanilang tahananang bansa.<sup>31</sup> Halimbawa, ang naratibo ng mga Muslim na ginigipit sa katimugang Thailand ay mapanghimok sa konteksto ng Malaysia. Ginagamit din ng Daesh ang mga naratibong sosyal at heroiko upang himukin ang mga indibidwal na makibahagi sa pakikibaka laban kay Assad, halimbawa, bilang isang katungkulan na ipagtanggol ang mga Muslim na pinatay ng rehimen.

Kasama rin sa ganitong uri ng naratibo ang mga elemento ng panlipunang pang-gigipit o ang pagnanasa na maging bahagi ng isang mas dakilang kabutihan o mas malaking layunin. Halimbawa, sa Indonesia, kapwa sina Patek at Imron ay naudyukan ng mga salik panlipunan—espesipikong ang panggigipit na hindi biguin ang natitira sa grupo na nagpakana ng pambobomba sa Bali, bagaman kapwa nangangatwiran sa kinalaunan na hindi sila sumang-ayon sa pag-atake dahil pumatay sila ng mga sibilyan.<sup>32</sup>

<sup>25</sup> “Advice for those Embarking Upon Hijrah,” *Dabiq*, Issue 3 (A Call to Hijrah), Al Hayat Media Center, 2014, p. 33.

<sup>26</sup> Winter, *The Virtual ‘Caliphate’*, p. 24.

<sup>27</sup> A.G. Ikhwani, *Perangilah Mereka Dengan Segala Kekuatan* (Fight Them with Any Strength) (Forum Islam Al-Busyri, Jihadology.net, 2015), <https://azelin.files.wordpress.com/2015/04/gharc4abb-al-ikhwc481n-22ink-of-jihc481d-10-fight-them-with-any-strength22.pdf>.

<sup>28</sup> Tingnan ang “Jund al-Khilafah in the Philippines—Training Camp,” (Jihadology.net, 2015), <http://jihadology.net/2015/12/20/new-video-message-from-jund-al-khilafah-in-the-philippines-training-camp/>.

<sup>29</sup> Tingnan ang Gunaratna and Hennessy, *Through the Militant Lens*; Sim, *Countering Violent Extremism: Leveraging Terrorist Dropouts to Counter Violent Extremism in South East Asia*; Kessels, *Countering Violent Extremist Narratives*.

<sup>30</sup> Ashour, “Online De-Radicalization?”

## Naratibong Ekonomiko

Panghuli, bagaman marahil hindi kalaganap sa lahat ng bahagi, ay ang naratibong ekonomiko.<sup>33</sup> Sa kasong ito, tuwiran o hindi tuwirang nagmumungkahi ang mga bayolenteng ekstremista na sa pagsama sa organisasyon, sasapit ang kalayaang pang-ekonomiko. Sa konteksto ng Pilipinas.”<sup>34</sup> Pera at madaling akses sa mga sandata—“ang pagkabighani sa pera at kapangyarihan na nagmumula sa kanyon ng baril” ay ang ibang mga salik na nag-uudyok sa mga miyembro ng ASG.<sup>35</sup> Noong mga 2000, ang polisiya sa pangingidnap na may pantubos ng ASG ang tumulong na palakasin ang ideya na sa pagsama sa ASG, ang mga alalahaning ekonomiko ay hindi na magiging isyu sa mga miyembro ng grupo.

<sup>31</sup> Rohan Gunaratna, “The Current and Emerging Extremist Threat in Malaysia,” in *Radical Islamic Ideology in South East Asia*, (West Point: The Counter-Terrorism Center at West Point, 2009), <https://www.ciaonet.org/attachments/14599/uploads>.

<sup>32</sup> Gunaratna and Hennessy, *Through the Militant Lens*.

<sup>33</sup> Ramakrishna, *It's the Story, Stupid*.

<sup>34</sup> Banlaoi, p. 69.

<sup>35</sup> Banlaoi, pp. 92-93.

## Lohikal na Daloy at Istruktura ng mga Bayolenteng Ekstremistang Naratibo

Karagdagan sa nilalaman ng naratibo ng mga bayolenteng ekstremista, mahalaga rin na maunawaan ang lohikal na daloy ng naratibo upang mas mahusay na madisenyo ang isang balangkas para sa mga kontra-naratibo at alternatibong naratibo. Ang batayang istruktura ng isang bayolenteng ekstremistang naratibo ay:<sup>36</sup>

### 1. May mga kawalan ng katarungan sa daigdig, o mga batayang karaingan

Para sa Al-Qaeda, nangangahulugan ito na ang daigdig na Muslim ay nasa kaguluhan dahil sa alyansang Sionista-Kristiyano, at na ang alyansang ito ay responsable sa lahat ng panghahamak, diskriminasyon at masamang pagtrato sa mga Muslim sa buong daigdig. Para sa Daesh, ang kanilang pangunahing karaingan sa Syria at Iraq ay ang mga “tiwaling” pamahalaan doon, ngunit ang kanilang mga naratibo ay mula noon lumawak upang isama ang mga entidad na Kanluranin (hal. ang mga bansang nasa koalisyon) sa hakbang na ito. Itinuturo rin ng mga naratibo ang “sangkalan” o karaniwang kaaway na siyang dahilan ng kawalan ng katarungan sa daigdig. Halimbawa, maaari itong mga lokal na pamahalaan, ngunit sa ibang mga panahon maaaring ang mga Kanluraning pamahalaan.

### 2. May alternatibo sa mga kawalan ng katarungan

Para sa Al-Qaeda, nangangahulugan ito ng isang “bisyon ng kabutihan sa lipunan” ng nag-iisang pulitikal na entidad na pumapalit sa katiwalian ng Kanluraning impluwensiya (lumaon ay Kalipato). Para sa Daesh, ito ang pagbibigay-katwiran sa pagtatatag ng *Khilafa*, na may mga pag-aangkin ng teritoryo na hawak sa Syria at Iraq. Sa dalawang mga kaso, kasama sag alternatibong ito sa kawalan ng katarungan ang isang elemento ng banal na awtoridad.

### 3. May pangangailangan na kumilos at katungkulan ng lahat ng mga Muslim na kumilos

Para sa Al-Qaeda, kasama sa pagkilos ang pakikilahok sa mga teroristang pakana laban sa karaniwang kaaway (malapit at malayo). Para sa Daesh, kasama dito kapwa ang pakikilahok sa mga teroristang pakana, ngunit pati rin ang opsiyon sa pangingibang-bayan sa kanilang pag-aangkin sa *Khilafa* at pakikilahok bilang aktibong “mga mamamayan” o aktibong mga mandirigma para sa kanilang dahilan.

### 4. Ang karahasan ay opsiyon lamang upang alisin ang kawalan ng katarungan, at ang epektibong tugon lamang

Para sa Al-Qaeda, ito ay sa pamamagitan ng bayolenteng jihad na pinamumunuan ng organisasyon. Para sa Daesh, ito ang pagkuha at pagkontrol sa teritoryo sa Syria at Iraq, pati ang pag-aangkin ng teritoryo sa ibang mga bahagi ng daigdig sa pamamagitan ng *wiliyats* nito.

<sup>36</sup> Ang batayang istruktura sa mga bayolenteng ekstremistang naratibo na binalangkas sa tsart na ito ay kinuha mula sa mga elemento ng Schmid, Al Qaeda's “Single Narrative,” p. 6; Samuel, “Countering the Terrorist Narrative”; and Ramakrishna, *It's the Story Stupid*.



Lahat ng mga balangkas na ito ay may karaniwang istrategikong halaga sa naratibo: lumikha ng isang nagpopolarisang sentimyento sa pagitan ng teror-istang grupo at ang “kaaway” bilang pundasyon ng mga layuning ideolohikal/pulitikal. Nilalayon din ng mga terorista na gawing lehitimo ang karahasan bilang ang pamamaraan upang makamit ang layuning iyan.

### Mga Kahinaan sa mga Bayolenteng Ekstremistang Naratibo

Ang pagkilala ng mga kahinaan sa mga bayolenteng ekstremistang naratibo ay maaaring makatulong bago ang pagbuo ng isang epektibong kontra-naratibo. Halimbawa, ang mga kahinaan ng mga naratibong Daesh ay maaaring salungatin sa pamamagitan ng:

1. Pagpapatingkad sa mga paraan kung saan hindi matagumpay ang Daesh sa paglalaan ng kaligtasan at seguridad sa mga taong nagsasagawa ng *hijrah*;
2. Pagpapatingkad sa mga paraan kung saan ang pag-aangkin ng Daesh sa *Khilafa* ay hindi lehitimo;
3. Pagpapahina at pagpapasinungaling sa mga relihiyosong argumento ng Daesh gamit ang mga mapagkakatiwalaang iskolar na Muslim;
4. Pagdidiin sa bilang ng mga Muslim na Sunni na pinatay ng Daesh;
5. Pagdidiin sa lubhang karahasan at kalupitan na ginamit ng Daesh;
6. Pagpapatingkad sa pagkaipokrito ng mga miyembro ng Daesh sa Syria at Iraq.

## 4 MAGTAKDA NG MGA MALINAW NA LAYUNIN PARA SA KONTRA-NARATIBO

Pagbibigay kahulugan sa mga layunin ng kontra-naratibo ang tumutulong upang kilanlin ang tamang nilalaman at tasahin kung epektibo o hindi ang kontra-naratibo. Ilan sa mga susing layunin ng mga kontra-naratibo ay maaaring:

### PAGHULAGPOS

Ang pagsasagawa ng mga pagbabago sa ugali kung saan bina-bawasan at/o itinitigil ang pakikisangkot ng indibidwal sa mga bayolenteng ekstremistang gawain (binabago ang ugali, tulad ng karahasan at pagkaudyok).

### DIBERSIYON

Pagpigil sa mga indibidwal na nasa panganib na maging mga bayolenteng ekstremista (binabago ang mga isip).

### PAGLIMITA SA IMPAK

Pagbubukod sa banta upang limitahan ang mga epekto sa isang indibidwal.

### PAGPAPAHINA NG PANG-AKIT

Palabnawin ang pang-akit sa mga bulnerableng indibidwal at pagpigil sa bayolenteng ekstremistang naratibo sa pagla-ganap.

Bahagi ng prosesong ito ay nangangahulugan din ng pagbibigay-kahulugan sa mga ikalawang layunin at pagbubuo ng mga susing palatandaan upang sukatin ang tagumpay.


Isang halimbawa ng pagtatakda ng mga layunin ng isang kontra-naratibo ay inilarawan sa ibaba:

### Kaso ng Pag-aaral: Blog ng Counterideology 2<sup>37</sup>

Naglalaman ang blog ng sari-saring pananaliksik mula sa 1) mga pagpapasinun-galing sa ideolohiya ng Al-Qaeda sa Malay, Ingles at Bahasa Indonesia; 2) pananaliksik sa pagsalungat sa mga ekstremistang naratibo; 3) mga naratibong espesipiko na sumasalungat sa ideolohiya ng mga tagabomba ng Bali; 4) mga paskil at kaisipan ng blog laban sa mga naratibo ng Al Qaeda. Tingnan ang pigura sa sumusunod na pahina na naglalarawan ng isang pag-aaral ng kaso para sa pagtatakda ng layunin.

<sup>37</sup> "Counterideology 2." Counterideology 2. Accessed June 26, 2016. <https://counterideology2.wordpress.com/>.

## PAGTATAKDA NG LAYUNIN: BLOG NG COUNTERIDEOLOGY 2



### IKALAWANG MGA LAYUNIN

PAGPAPAANGAT NG KAMALAYAN	PAGLIKHA NG DUDA	PAGBIBIGAY NG IMPORMASYON
<p><b>Pagpapaangat ng kamalayan</b> ng Qur'an upang pasinungalingan ang mga naratibo na nagbibigay katwiran sa karahasan.</p> <p><u>MGA SUSING PALATANDAAN:</u> Bilang ng mga tao na bumibisita sa website; Bilang ng mga naratibo na ibinigay; Kalitatibong pagtatasa ng mga komento/reaksiyon hinggil sa blog.</p>	<p><b>Paglikha ng duda</b> na ang bayolenteng ekstremistang naratibo ay tunay.</p> <p><u>MGA SUSING PALATANDAAN:</u> Kalitatibong pagtatasa ng mga komento/reaksiyon hinggil sa blog.</p>	<p><b>Pagbibigay ng impormasyon</b> sa mga indibidwal na interesado na aktibong pasinungalingan ang mga bayolenteng ekstremistang naratibo.</p> <p><u>MGA SUSING PALATANDAAN:</u> Bilang ng mga klik sa mga link sa mga toolkit ng kontra-naratibo; Hiningi feedback kung paano ginamit ang impormasyon sa blog.</p>



## **TIP #1**

### **HUWAG KALIMUTAN ANG HINGGIL SA MGA HUMAHARAP NA MENSAHERO**

Bagaman may papel na gagampanan ang mga istratehiya at kampanya ng mass midya sa mga kontra-naratibo, ang pagmemensahe na pinakamapanghimok ay tila nagsasama ng isang elemento ng koneksiyon na emosyonal na nagsasangkot sa indibidwal na antas.

Sa disenyo ng kampanya, isipin kung paano maaaring kumonekta ang mensahero sa inaasintang tagapakinig, o kung paano maaaring palakasin ang mensahe sa pamamagitan ng harapang pakikiniig.

Ginagamit ng mga bayolenteng ekstremistang tagakalap ang parehong modelong ito—pagpapalaganap ng mga mas malawak na mensahe at kampanya, na sinu-sundan ng inasintang pangangalap ng mga indibidwal kapwa online at offline.



## 5 PAGTIYAK NG ISANG EPEKTIBONG MENSAHERO

Ang susunod na yugto sa pagbubuo ng isang kontra-naratibo ay ang kilanlin kung aling (mga) mensahero ang pinakamahusay na tumatatak sa inaasintang tagapakinig. Ilang mga posibleng mensahero ay nakilala na bilang susi sa paghahatid ng mensahe. Sa bawat paglalarawan na sumusunod, may ilang mga rekomendasyon kung paano ang partikular na mensaherong iyan ay maaaring magsakatuparan ng mga kontra-naratibo na siyang pinakaepektibo sa Timog Silangang Asya.

### Mga Pamilya

Ang mga pamilya, kasama ang mga magulang, kapatid at makabuluhang iba ay maaaring maging malakas na tagaimpluwensiya sa pagpigil ng naratibo ng bayolenteng ekstremismo sa paglaganap pati ang pagpapalabnaw ng pang-akit ng bayolenteng ekstremismo. Halimbawa, sa konteksto ng Indonesia at Malaysia, karaniwang pagkadama na ang pahintulot at basbas ng mga magulang, lalo na ng mga ina, ay kinakailangan bago makalahok ang isa sa jihad o pagkamartir. Sinita ng mga kalahok sa palihan ng Semarang na pinagpunong-abalahan ng Hedayah at JCLEC ang karaniwang kawikaan na “ang kalangitan ay nasa ilalim ng mga paa ng ina,” na nagpapahiwatig sa kapangyarihan na ginagampanan ng mga ina partikular sa kanilang mga anak.<sup>38</sup> Sa bagay na ito, maaaring isang paraan ang pagbabawal sa isang anak na maglakbay sa Iraq o Syria na pansamantalang pigilan ang isang indibidwal na sumama sa Daesh.

### Mga Aktor sa Pamayanan at Relihiyosong Pinuno

Maaaring pasanin ng mga aktor sa Lipunang Sibil at pamayanan ang malaking bigat at impluwensiya sa antas ng mga laylayan, at paminsan-minsan magdadala ng mga mensahe na maaaring kontrobersiyal sa mga pamahalaan na tugunan. Maaaring tumulong ang mga aktor sa lipunang sibil at pamayanan na organikong lumikha ng nilalaman at ipalaganap ang mga mensahe online at offline. Maaaring maging kapaki-pakinabang ang mga kilalang pinuno o kilalang tao sa palakasan sa pagbibigay ng mga alternatibong, positibong naratibo at labasan ng mga kasawian na maaaring magtungo sa bayolenteng ekstremismo.

Sa kaso ng Timog Silangang Asya, ang mga relihiyosong pinuno ay maaaring partikular na makabuluhan dahil sa kanilang mga katangi-tanging posisyon ng awtoridad, kredibilidad, mga mapagkukunang institusyonal at kaugnayan sa mga pamayanan. Kapag pinag-uusapan ang kultura, ang mga kilalang relihiyosong kilalang tao ay madalas na sinasamba ng kanilang mga lokal na tagasunod sa pinakamataas na antas, at ang patnubay na ibinibigay ng mga kilalang taong ito ay pumapasan sa malaking bigat sa mga pamayanan. Gayunman, ang isa sa mga susing hamon sa mga relihiyosong kontra-naratibo ay ang pagkilala sa isang angkop na relihiyosong kilalang tao na tumatatak sa inaasintang tagapakinig. Maaaring mangahulugan ito na pagkilala sa mga mensahero na may relihiyosong pang-akit at awtoridad na nasa labas ng mga tradisyonal na relihiyosong istruktura at hirarkiya. Halimbawa, ang mga mensahero ng mga kauri sa kauri na may suporta mula sa mga relihiyosong organisasyon at kilalang tao ay maaaring maging mas matagumpay sa pagpapalakas ng mga relihiyosong mensahe kaysa ang mga relihiyosong pinuno mismo. Subalit, mahalaga na kilanlin ang mga susing relihiyosong pinuno na maaaring gumabay at ugitan ang publikong pakikipag-usap at debate paikot sa relihiyosong ekstremismo. Kinilala ng mga kalahok sa palihan sa Semarang ang ilang mga susing kilalang tao sa konteksto ng Indone-

<sup>38</sup> Ang kawikaang ito ay nakaugat sa Hadith. Tingnan ang halimbawa sa sumusunod na batis, Sunan An-Nasa'i 3104.

sia, kasama si Mohammad Quraish Shihab. Iminungkahi ng ibang mga kalahok na ang mga pulitikal na kilalang tao na nagtamo ng relihiyosong kredibilidad at awtoridad sa ilang tiyak na mga pamayanan ay maaari ring maging mga susing mensahero, kasama ang dating Pangulo ng Indonesia na si Abdulrahman Wahid (Gus Dur) o ang dating Punong Ministro ng Malaysia na si Abdullah Ahmad Badawi.

### Dating mga bayolenteng ekstremista (mga dati)

Maaaring maging mapagkakatiwalaan ang mga dating bayolenteng ekstremista na maghatid ng mga kontra-naratibo. Nagmumula ang kanilang kredibilidad mula sa kanilang karanasan ng pagiging bahagi ng isang bayolenteng ekstremistang grupo, at ang kanilang pagiging disilusyunado sa pananatili sa grupo ang nagbibigay ng isang modelo sa iba na umalis. Maaaring makaugnay sa at makasimpatiya ang mga dating bayolenteng ekstremista sa isang indibidwal na interesado sa bayolenteng ekstremistang ideolohiya dahil nakaranas sila ng katulad na proseso. Karagdagan pa, maaaring makapagbigay liwanag ang mga dati sa mga dahilan kung bakit pinili nilang umalis o humulagpos sa karahasan, at palakasin ang mga mensahe na maaaring humimok sa iba sa katulad na proseso.

Nagbibigay ang isang ulat ng International Centre for the Study of Radicalisation and Political Violence (ICSR) ng ilang mga dahilan kung bakit maaaring mapagkakatiwalaang mensahero ang mga dating bayolenteng ekstremista, partikular laban sa Daesh. Kasama sa mga dahiling ito ang:

1. pagbasag sa imahen ng pagkakaisa at determinasyon ng bayolenteng ekstremistang grupo;
2. pagpapatingkad sa mga kontradiksiyon, ipokrisiya at hungkag na pangako ng grupo;
3. paghimok sa mga miyembro na umalis sa grupo; at
4. pagpigil sa iba na sumama sa grupo.<sup>39</sup>

Sa Timog Silangang Asya, ginagamit ng mga dating bayolenteng ekstremista, partikular ang mga taong naglakbay sa mga sona ng labanan (hal. Afghanistan, Syria), ang kanilang karanasan na matamo ang “kredibilidad sa kalye” kapag sumasapit sa mga bulnerableng populasyon. Sa Indonesia at Malaysia, ininkorpora ang mga naratibo ng mga dating miyembro ng JI sa mga programa sa sekundaryang paaralan at unibersidad, yamang ang mga dating ito ay kayang magbigay ng mga hindi mapapasubaliang dahilan, batay sa kanilang mga sariling karanasan, kung bakit ang karahasan ay hindi isang epektibong kasangkapan upang tugunan ang mga karaingan at kawalan ng katarungan. Halimbawa, ipinaparis ng non-governmental organization (NGO) na Aliansi Indonesia Damai ang isang dating bayolenteng ekstremista sa isang nakaligtas sa isang teroristang pag-atake upang magsalita sa mga mag-aaral ng sekundaryang paaralan hinggil sa mga panganib ng ekstremismo.<sup>40</sup>

Sa kaso ng Daesh, maaaring makapagbigay ang mga dating bayolenteng ekstremista ng mga epektibong makatotohanang kontra-naratibo sa pamamagitan

<sup>39</sup> Peter Neumann, *Victims, Perpetrators, Assets: The Narratives of Islamic State Defectors* (London: International Centre for the Study of Radicalisation and Political Violence, 2015), <http://icsr.info/2015/09/icsr-report-narratives-islamic-state-defectors/>.

<sup>40</sup> Misalnya, tonton “Empowering Terrorism Victims in Indonesia,” AIDA Foundation, <https://www.youtube.com/watch?v=QDUUakk5ip4>.



## TIP #2

### PROTEKTAHAN ANG MENSAHERO

Mahalaga na matiyak ang pisikal na kaligtasan ng mga mensahero pati protektahan ang reputasyon ng mensaherong iyan. Mahalaga ito kapwa sa pagtiyak na mapagkakatiwalaan ang mensahe pati ang pagpigil sa mensahero na maging tuwirang in-aasinta ng mga bayolenteng ekstremista. Ang isang indibidwal na siyang “mukha” ng pagsalungat sa bayolenteng ekstremismo ay dapat handang-handa na batahin ang potensiyal na buwelta laban sa kanila sa pagsasalita. Halimbawa, espesipikong pinangalanan ng edisyon ng Abril 2016 ng *Dabiq* ang ilang mga relihiyosong pinuno at susing kilalang tao mula sa Kanluran na nagsalita laban sa Daesh bilang mga hinaharap na aasintahin ng grupo. Sa kasong ito, may malaking papel ang mga pamahalaan na ipakita ang kanilang pagiging handa at kakayahan na matiyak ang kaligtasan ng mga taong aktibong hinahamon ang bayolenteng ekstremismo.



ng paglalantad sa mga ipokrisiya at paglalantad sa mga reyalidad sa ilalim ng pamamahala ng Daesh sa Syria at Iraq. Sa bagay na ito, maaaring makatulong ang mga dating bayolenteng ekstremista na nakapaglakbay sa teritoryo na inangkin ng Daesh at bumalik na na pasinungalingan ang grupo alinsunod sa mga relihiyosong ugali, monetaryong insentibo at kondisyon sa pamumuhay doon mismo sa lugar sa pamamagitan ng paghamon sa tema ng “utopia” na tinatangka ng Daesh na itaguyod sa kanilang mgaistratehiya ng komunikasyon.

Mahalaga na maingat na nasuri at pinili ang mga dating bayolenteng ekstremista bago sumangkot sa anumang kampanya ng kontra-naratibo. Gayundin, maaaring may mga limitasyon sa pakikisangkot ang mga dating bayolenteng ekstremista sa mga kontra-naratibo. Halimbawa, maaaring maging atubili ang mga pamahalaan na himukin ang iba na hayagang magsalita hinggil sa kanilang mga karanasan. Sa katulad na paraan, kung sinuri ng mga pamahalaan, maaaring may ilang impak sa kanilang kredibilidad dahil titingnan sila na “mga umalis” o “mga traydor” ng mga grupo na dati nilang kinaaaniban.

### Mga biktima at nakaligtas

Madalas tinutukoy ang mga biktima at nakaligtas sa terorismo bilang mga mapagkakatiwalaang mensahero dahil inilalantad nila ang tunay na impak ng karanasan, at inaalas ng kanilang mga kuwento ang pagiging lehitimo ng terorismo sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang mukha ng tao sa mga kahihinatnan ng terorismo.

Kasama sa konsepto ng “mga biktima” ang tinutukoy ni Alex Schmid bilang mga pangunahing biktima (yaong mga napinsala ng mga pag-atake o mga operasyon kontra terorismo), at mga sekondaryang biktima (mga miyembro ng pamilya ng mga pangunahing biktima, yaong inilista ng mga teroristang organisasyon bilang mga inaasinta, mga unang tagatugon na nakaranas ng trauma mula sa pagtulong sa mga biktima, indibidwal na nakaranas ng pagkawala ng kita o pagkasira ng ari-arian, o ang mga taong may istilo ng pamumuhay na nagbabago dahil sa teroristang pag-atake.<sup>41</sup>

Ang mga biktima at nakaligtas sa terorismo ay ang pinakakapaki-pakinabang sa isang kampanya ng kontra-naratibo kapag sinasabi nila ang kanilang mga personal na kuwento at testimonya. Dapat iwasan ng mga kampanya ng kontra-naratibo ang pagpapahintulot sa biktima/nakaligtas na gumanap ng papel ng isang relihiyosong iskolar o isang eksperto kontra terorismo, gayunman, at maaaring magtuon sa halip sa mga kaisipan, emosyon at impak (mga pisikal o emosyonal na piklat) ng paglalakbay ng indibidwal na iyan.

Bagaman ang mga pamilya ng mga bayolenteng ekstremista at terorista ay hindi palaging tinitingnan bilang mga biktima, maipagngangatwiran na makakadama ang mga miyembro ng pamilya ng mga nagpakana ng ilan sa mga parehong emosyon katulad ng mga biktima ng terorismo. Karagdagan pa, ginamit ang mga kuwento ng mga miyembro ng pamilya ng mga bayolenteng ekstremista sa ilang mga konteksto upang impluwensiyahan ang mga indibidwal mula sa radikalisasyon at pangangalap, madalas ipinapareha ang mga kuwento ng mga biktima mismo. Halimbawa, dinalang magkakasama ng NGO na Sisters Against Violent

<sup>41</sup> Alex P. Schmid, *Strengthening the Role of Victims and Incorporating Victims in Efforts to Counter Violent Extremism and Terrorism* (The Hague: International Centre for Counter-Terrorism-the Hague, 2012), <http://www.icct.nl/download/file/ICCT-Schmid-Strengthening-the-Role-of-Victims-August-2012.pdf>.



Extremism ang mga ina ng mga biktima ng terorismo sa mga ina ng mga terorista upang lumikha ng mga makapangyarihang kuwento kung bakit hindi sumangkot sa terorismo.<sup>42</sup> Siyempre, ang mga kuwento na pinakamakapangyarihang tumataak sa tagapakinig ay ang mga kuwento ng mga nakaligtas na tubo sa lugar. Gayunman, ang mga kuwento ng mga biktima mula sa labas ng rehiyon (partikular ang mga kuwento na makukuha sa bidyo) ay ginamit na rin na may ilang tagumpay—halimbawa sa kapwa Indonesia at Malaysia.

### Mga Pamahalaan

May papel ang mga lupon ng pamahalaan sa paglikha at paminsan-minsan pagsuporta sa mga kontra-naratibo, sa partikular ang mga naratibong nilayon sa pangkalahatang publiko at pagpapalakas ng sosyal o moral na pagpapahalaga na pinagsasaluhan ng lipunan. Ipinangangatwiran nina Rachel Briggs at Sebastien Feve na may ilang limitadong saklaw ang mga pamahalaan na tuwirang nakikisangkot sa mga gawain ng kontra-naratibo, ngunit mayroon ding makabuluhang ebidensiya na nagmumungkahi na ang mga pamahalaan ang pinakaepektibo kapag gumaganap sila ng hindi tuwiran, nagpapadaling papel tulad ng pagpopondo.<sup>43</sup>

Gayunman, ito ay dahil ang mga pamahalaan ay madalas na binibigyan ng papel bilang kaaway ng mga bayolenteng ekstremista, at maaaring magkaroon ng mababang kredibilidad bilang mensahero sa mga mata ng ilang mga inaasintang tagapakinig. Halimbawa, yaong nakadama na napalayo o nakalimutan ng mga pamahalaan o lipunan), maaaring mabigo ang mga naratibo ng pamahalaan na tumatak sa mga inaasintang tagapakinig na ito.

<sup>42</sup> Tingnan, halimbawa, "We Refuse to Hate: Mothers of 9/11," <https://www.youtube.com/watch?v=fulUJSbqTdtA>.

<sup>43</sup> Briggs and Feve, "Review of Programs to Counter Narratives of Violent Extremism," p. 8.

## 6 BUUIN ANG NILALAMAN AT LOHIKA NG MENSAHE

Ang susunod na hakbang ay buuin ang nilalaman at lohika ng mensahe ng mga kontra-naratibo. Batay sa pagrepaso ng mga uri at istruktura ng mga bayolenteng ekstremistang naratibo sa itaas, maaaring isaalang-alang ng pagbubuo ng isang kontra-naratibo (alternatibong naratibo) ang pagsunod sa katulad na istruktura at lohika ng naratibo ng mga bayolenteng ekstremista. Ang pinakamahusay na dulong ay gamitin ang payak, malinaw na mensahe sa halip na isang masalimuot o komplikadong argumento. Gayunman, may silid din para sa mga inobatibong dulong sa pagbubuo ng naratibong pasalungat, partikular ang paglikha ng mga alternatibo at positibong naratibo. Humuhugot ang talaan sa ibaba sa mabuting kasanayan sa maraming bansa upang patingkarin ang mga susing elemento ng isang naratibong pasalungat pati ilang mga rekomendasyon kung paano maaaring gamitin ang mga kontra-naratibo sa konteksto ng Timog Silangang Asya.

### MGA NARATIBONG POSITIBO/ALTERNATIBO (MGA NARATIBO NG KAPAYAPAAAN)

Tumutukoy ang mga naratibong ito sa pagbubuo ng isang kuwentong alternatibo na proaktibo na mas kaakit-akit kaysa terorismo. Sa Timog Silangang Asya, ang mga naratibo na magkahalo ang pananampalataya at etniko ang maaaring pinakamapanghimok, pangunahin dahil sa pagkasari-sari ng mga kultura, etnisidad at relihiyon sa rehiyon. Sa ibaba ay ilang mga halimbawa:

#### AUSTRALIA

Lumikha ang All Together Now, isang pambansang kawanggawa ng Australia na nakatuon sa pagbura ng lahat ng mga anyo ng rasismo sa Australia, ng isang kampanya ng pag-aanunsiyo at hashtag upang paangatin ang kamalayan sa rasismo at kondenahin ang pananalitang naghihiikayat ng pagkapoot. Lumikha ang kampanyang #EraseRacism ng isang maikling animation video upang himukin ang mga tao na magsalita kung nakasaksi sila ng rasismo. Ipinamahagi ang bidyong ito sa mga daluyan ng social media pati sa mga malalaking pampublikong screen.

Maaaring maakses ang Pahina sa Facebook ng All Together Now dito <https://www.facebook.com/alltogethernow.org.au>

Kinunan ang pelikulang Latitude 6 sa katimugang Thailand bilang isang kuwento ng pag-ibig—na pinapatingkad kapwa ang mga pagkakaiba at pagkakatulad sa pagitan ng mga minoridad na Muslim sa timog at lipunan at pagpapahalagang Thai sa hilaga. Nilalayan ng pelikula na itaguyod ang pagpaparaya sa pagitan ng mga relihiyosong grupo pati magbigay ng mas tumpak na impormasyon hinggil sa insurhensiya at proseso ng kapayapaan na nagaganap doon.

Matatagpuan ang trailer ng Latitude 6 na may subtitulong Ingles dito: <https://www.youtube.com/watch?v=Q40N0uxVvVQ>

#### THAILAND

#### INDONESIA

Isang halimbawa ng isang institusyon na pangkalahatang nagtatagpuod ng Islam bilang isang sosyo-relihiyosong kultura sa Indonesia ay ang Wahid Institute. Itinatag ang organisasyon upang isulong ang pag-unlad ng isang mapagparaya, multikultural na lipunan sa Indonesia, pinapahusay ang kapakanan ng mga mahihirap, itinatayo ang demokrasya at pundamental na katarungan, at pinalalawak ang mga pagpapahalaga ng kapayapaan at kawalan ng karahasan sa Indonesia at sa buong daigdig. Itinataguyod ng Wahid Institute ang isang mapayapa at plural na Islam.

Maaakses ang website ng Wahid Institute dito: <http://wahidinstitute.org/>



### TIP #3

## IAKMA ANG MGA KONTRA-NARATIBO SA LOKAL NA KONTEKSTO AT KULTURA<sup>44</sup>

Ang Timog Silangang Asya ay tahanan ng ilang mga rehiyon, lungsod at nayon na malawak na nagkakaiba kapag sumapit sa lokal na konteksto. Isang halimbawa ng ilang may mga hindi kapansin-pansing pagkakaiba sa mga solusyon sa antas ng pamayanan ay maaaring makita sa pamamagitan ng mga tugon sa sektarianismo, espesipikong ang retorika laban sa Shi'a. Sa Indonesia, publikong idiniin ng tagapangulo ng Nahdlatul Ulama (NU) ang pagkakaisa at pagpaparaya sa lahat ng mga Muslim, kasama ang mga Muslim na Ahmadiyyah at Shi'a. Gayunman, sa lokal na antas sa Indonesia, hindi palaging pinapalakas ng mga relihiyosong pinuno ang puntong ito, at sa halip paminsan-minsan pinapalakas ang retorika laban sa Shi'a. Ipinapakita nito na ang mga konsiderasyon sa antas ng lokal ay mahalaga sa pagbubuo ng nilalaman ng mensahe.

<sup>44</sup> Sara Zeiger *Counter-Narratives for Countering Violent Extremism (CVE) in South East Asia*, (Abu Dhabi: Hedayah, 2016), <http://www.hedayah.ae/pdf/cn-se-asia.pdf>, p. 5.

## MGA KONTRA-NARATIBONG ISTRATEHIKO

Nilalayan ng mga kontra-naratibo na ito na magpabatid sa mga malawak na tagapakinig o ang pangkalahatang publiko. Maaaring maging pinakakapaki-pakinabang ang mga ito sa mga pamahalaan, internasyonal na organisasyon o kompanya. Sa ibaba ay isang halimbawa:

### AUSTRALIA

Nagbibigay ang Australian Government initiative Living Safe Together ng Impormasyon sa mga pamayanan hinggil sa bayolenteng ekstremismo, mga pagsisikap sa antas ng indibidwal at pamayanan upang pigilan at salungatin ang bayolenteng ekstremismo, pati mga pagsisikap ng pamahalaan. Nagbibigay ang website ng mga toolkit pati kung paano makisangkot sa mga pagsisikap na CVE sa Australia.

<http://www.livingsafetogether.gov.au/pages/home.aspx>

## MGA KONTRA-NARATIBONG EMOSYONAL AT ETIKAL

Pangunahing tinutugunan ng mga kontra-naratibo ang mga salik na “kumakabit”—ang mga emosyonal o sikolohikal na insentibo na maaaring nadarama ng isang indibidwal na kapaki-pakinabang sa pagsama sa isang bayolenteng ekstremistang organisasyon. Sa ibaba ay isang halimbawa:

Maaaring maging epektibo ang mga dating terorista/mandirigma sa pagsalungat sa emosyonal at sikolohikal na pang-akit, espesipiko sa mga sumasama upang tugunan ang mga tunay o nadaramang karainan, upang makamit ang “mas dakilang kabutihan,” o maging isang “bayani.” Pinahihina ng panayam na ito sa isang dating miyembro ng Daesh mula sa Indonesia ang kredibilidad ng Daesh sa pagpapatingkad ng katiwalian sa loob ng grupo:

<http://m.news.viva.co.id/video/read/40891-inipengakuan-ang-gota-isis-selama-di-suriah>

### INDONESIA

## PAGLALANTAD SA MGA MITO AT MALING IMPORMASYON

Ipatatid sa mga tagapakinig ang mga mas tumpak na katunayan, pabulaanan ang mga mito at isita ang mga sanggunian hinggil sa mga reyalidad ng buhay bilang isang terorista. Maaari nitong isama ang pagpapahina ng teroristang liderato o paglalantad sa mga ipokrisiya ng mga teroristang organisasyon. Sa ibaba ay ilang mga halimbawa:

### FILIPINA

Sa isang bidyo ng pangangalap noong 2015 sa Tagalog, ang isang mensahe sa bidyo mula sa Jund al-Khilafah sa Pilipinas, “Training Camp,”<sup>45</sup> isinasaad nito na ipinagbabawal ng pamahalaan ng Pilipinas ang mga Muslim sa pagsasagawa ng kanilang tunay na relihiyon sa pamamagitan ng pagpapatigil sa mga kababaihan na magsuot ng niqab at ang mga kalalakihan sa pagpapatubo ng kanilang mga balbas. Maaaring madaling pasinungalingan ito ng mga makatotohanang argumento at pahayag, yamang walang pagbabawal ng gani-tong mga anyo ng relihiyosong pagkakakilanlan sa Pilipinas.


Sa isang panayam kay Mazlan, isang nakakulong na bumabalik mula sa Daesh, ang “mga reyalidad” ng pagsama at pag-iwan sa Daesh ay inilantad. Inilalarawan ni Mazlan ang kanyang karanasan sa Syria, na sa simula kinalap upang gumawa ng makataong trabaho sa pangakong makatatanggap ng pera. Gayunman, sa pagdating sa Syria, na-pagtanto niya na hindi siya makatatanggap ng pera na ipinangako sa kanya, at sa halip tinagubilinan na gumawa ng mga gawaing utusan tulad ng pagluluto at paglilinis.

<http://www.straitstimes.com/asia/se-asia/recruit-promised-cash-to-do-humanitarian-work>

### INDONESIA

<sup>45</sup> Lihat “Jund al-Khilafah in the Philippines—‘Training Camp,’” (Jihadology.net, 2015), <http://jihadology.net/2015/12/20/new-video-message-from-jund-al-khilafah-in-the-philippines-training-camp/>.





$$L: p \times l = 50 \text{ cm} \times 14 \text{ cm} = 700 \text{ cm}^2$$

$$A = \pi r^2 = \frac{22}{7} \times 7 \text{ cm} \times 7 \text{ cm} = 154 \text{ cm}^2 \times 2$$

#### TIP #4

#### ISAALANG-ALANG KUNG PAANONG NAGKAKAROON NG IMPAK ANG MGA PAGKILOS LABAN SA TERORISMO SA KONTRA-NARATIBO

Maaaring magdala ang mga pagkilos mismo, partikular ang mga isinasagawa ng mga pamahalaan, ng makabuluhang kahulugan alinsunod sa pagpapalakas o pagbabago ng kontra-naratibo, at mahalaga na isaalang-alang kung paanong ang mga pagkilos na militar at kontra-terorismo ay magkaroon ng impak sa mga kontra-naratibo.

### MGA KONTRA-NARATIBONG TAKTIKAL

Pinasisinungalingan ng mga kontra-naratibong ito ang ideya na ang karahasan lamang ang paraan upang makamit ang mga layunin, o na ang karahasan ang pinakaepektibong paraan upang makamit ang mga layunin. Sa ibaba ay isang halimbawa:

#### SINGAPORE

Sa isang polyeto ng Religious Rehabilitation Group ng Singapore na pinamagatang "The Fallacies of the Islamic Caliphate," pinapatingkad ng pinal na pahina ang ilang mga inisyatibo sa Singapore na aktibong sumusuporta sa mga panaklong pagsisikap sa Iraq at Syria na hindi gumagamit ng karahasan. Pinasisinungalingan nito ang ideya na walang mga alternatibo sa bayolenteng pagkilos upang suportahan, halimbawa, ang mga lumikas na taga-Syria.

Aksesibol ang polyeto sa pahina sa Facebook ng RRG: <https://www.facebook.com/Religious-Rehabilitation-Group-RRG-218225878199660/>

Isa sa mga alternatibong programa na nagbibigay ng tulong sa Lumikas na taga-Syria ay sa pamamagitan ng Simply Islam: <http://www.simplyislam.sg/main/aid-to-syrian-refugees/>

### MGA KONTRA-NARATIBONG MAY PAMPATAWA AT SARKASTIKO

Inaalisan ng pagiging lehitimo ng mga kontra-naratibong ito ang naratibo ng bayolenteng ekstremismo sa pamamagitan ng paglalagay sa katatawanan ng kanilang mga layunin, taktika o paniniwala. Sa ibaba ay isang halimbawa:

Gumagamit ng pampatawa ang serye ng cartoon na Burka Avenger upang lansagin ang mga susing bayolenteng ekstremistang mensahe sa Pakistan. Sa pilotong episode ng palabas, tinatangka ng kalaban (Baba Bandoor) na patigilin ang isang paaralan ng mga batang babae, isa sa mga susing bayolenteng ekstremistang mensahe sa bansa. Lalaban ang babaeng bayani (Burka Avenger) laban sa kalaban gamit ang mga libro, panulat at masulong na akrobatiko upang talunin ang kalaban at muling buksan ang paaralan bago ang katapusan ng linggo. Tadtad ang palabas na ito ng mga biro at pampatawa na inilalagay sa katatawanan ang kalaban at kanyang tauhan pati mas estratehiko, ang mga pagsisikap ng mga bayolenteng ekstremista sa bansa.

Maaaring panoorin ang pilotong episode ng Burka Avenger dito: <https://www.youtube.com/watch?v=XahbqLdCVhE>

#### INTERNASYONAL (PAKISTAN)

### MGA KONTRA-NARATIBONG IDEOLOHIKAL O RELIHIYOSO

Pinasisinungalingan at linalansag ng mga kontra-naratibo ang mga elementong relihiyoso at ideolohikal ng mga bayolenteng ekstremistang naratibo, gamit ang mga relihiyosong teksto at relihiyosong pinuno upang pasinungalingan ang mga relihiyosong pahayag. Sa ibaba ay isang halimbawa:

#### PANREHIYON

1. Pagpapalakas ng konsepto ng jihad bilang isang panloob na tunggalan ("mas dakilang jihad" o *al-jihad al-akbar*), hindi pisikal o bayolente.
2. Ang pagdidiin na ang Islam ay mapagparaya at tumatanggap ng lahat ng mga tao sa loob ng mga pamayanan, kasama ang lahat ng mga etnisidad at ibang mga relihiyon.

## 7 KILANLIN ANG (MGA) MIDYUM KUNG SAAN IPAPALAGANAP ANG MENSAHE

Sa sandaling natiyak ang inaasintang tagapakinig, mensahero at mensahe ang susunod na hakbang ay kilanlin ang mga plataporma kung saan ipapalaganap ang mensahe. Sa bagay na ito, “Makawatiran na gumamit ng mga katulad na plataporma tulad ng mga ginamit ng mga tagapakinig na gusto mong maabot”<sup>46</sup> Kasama sa ilang mga posibleng plataporma:



<sup>46</sup> Tim Stevens, “New Media and Counter-Narrative Strategies: Countering Violent Extremist Narratives,” in *Countering Violent Extremist Narratives*, pinatnugutan ni Eelco Kessels, (The Hague : National Coordinator for Counterterrorism, 2010), p. 118

<sup>47</sup> Para sa isang pangkalahatang pananaw sa mga social media platform na ginagamit sa rehiyon ng Asya-Pasipiko, sumangguni sa <https://www.ag.gov.au/NationalSecurity/Counteringviolentextremism/CVE-Summit/Documents/Workshop-1-Working-with-social-media-We-Are-Social.PDF>

Makabuluhang mapansin ay ang impluwensiya ng social at online media may kinalaman sa presensiya ng Daesh sa Timog Silangang Asya. May mataas na bilang ng mga gumagamit ng internet, kasama sa presensiya ng Daesh sa Timog Silangang Asya ang hindi bababa sa 300 ekstremistang website at forum at mahigit 1000 gumagamit ng Facebook na umanib sa Daesh sa Timog Silangang Asya.<sup>48</sup> Ayon sa Institute for Policy Analysis of Conflict, nangangailangan ang paglalakbay sa Iraq at Syria upang sumama sa Daesh ng isang rekomendasyon mula sa isang kakilala na nasa mismong lugar, at social media upang mapadali ang mga kakilalang ito para sa mga indibidwal sa Timog Silangang Asya.<sup>49</sup> Sa bagay na ito, mahalaga na maging aktibo online ang mga kontra-naratibo sa Timog Silangang Asya. Para sa isang praktikal na patnubay sa paglikha ng nilalaman online, tingnan ang toolkit ng kontra-naratibo sa [www.counternarratives.org](http://www.counternarratives.org).

Gayunman, bagaman may malaking tuon sa kasalukuyang pagbubuo ng kontra-naratibo sa online at social media, mahalaga dito na turolin na hindi lahat ng mga inaasintang tagapakinig ay kinakailangang gumagamit ng mga platapormang ito, at ibang mga tradisyonal na anyo ng media ay maaaring mas produktibo sa pag-abot sa tiyak na mga inaasintang tagapakinig.<sup>50</sup> Halimbawa, may mga malalaking populasyon sa kanayunan sa Indonesia, Pilipinas at Malaysia na walang tuloy-tuloy na akses sa internet. Sa mga kasong ito, mahuhugot ang mga aral mula sa tinatawag na “Sneakernet”—ang puwang sa pagitan ng espasyo na nakakonekta online at mga network na offline.<sup>51</sup> Hinggil sa “Sneakernet,” gumaganap pa ng papel ang Internet sa pamamagitan ng pag-impluwensiya sa mga netwok; ngunit pinalalakas at pinakikitunguhan ng pakikipag-ugnayan nang harapan at relasyon sa pagitan ng mga tao ang mga mensahe na nagmumula online. Halimbawa, sa kaso ng Afghanistan, makabuluhang nagkakaroon ng impak sa “Sneakernet” ang SMS, taliwas sa pagmemensahe na “online”. Sa parehong diwa, ang mga tradisyonal na anyo ng midya ay mailalapad pa sa maraming mga konteksto—kasama ang radyo, TV, mga billboard, polyeto/flyer at cartoon. Katulad ng isinisiwalat ng halimbawa ng “Sneakernet”, esensiyal para sa mga kontra-naratibo na umulit-ulit sa ilang mga plataporma upang mapalakas sa halip na “isa at wala na” na mga mensahe.

<sup>48</sup> Nur Azlin Mohamed Yasin, “Impact of ISIS’ Online Campaign in South East Asia,” *Counter Terrorist Trends and Analysis* 7, no. 4 (Mayo 2015), p. 27.

<sup>49</sup> IPAC, *Online Activism and Social Media Usage*.

<sup>50</sup> Stevens, “New Media and Counter-Narrative Strategies.”

<sup>51</sup> E. Hu, *Information Technology Strategies and Platforms Used by Islamic Extremist Groups and How to Counter Them: Fieldwork and Analysis on Lebanese Hezbollah Afghan Taliban and Daesh* (Kabul: Impassion Group, 2016).



## 8 BUMUO NG ISANG ISTRATEHIYA NG PAGPAPALAGANAP

Ang susunod na hakbang ng isang kampanya ng kontra-naratibo ay ang bumuo ng isang istratehiya ng pagpapalaganap. Dapat sikaping sagutin ng istratehiya ang mga tanong tulad ng:

**Ano** ang guhit ng panahon ng inyong kampanya  
**Bakit** makabuluhan ito sa inaasintang tagapakinig?

Kung kasama sa inyong kampanya ang pagpapalaganap sa maramihang mga plataporma, **kailan** ilalabas ang iba't ibang elemento?

**Paano** magkasamang nagtutugma ang mga elemento sa maramihang mga plataporma upang lumikha ng isang nagkakaisang mensahe?

Para sa mga kampanya sa social media, ang mga susing salita, hashtag at/o tagline ng mensahe **ba** ay nakahahalina **Sinusuhayan** ba nila ang mga susing elemento ng mensahe?

**Paano** makikitungo ang inaasintang tagapakinig sa mensahe  
**Paano** maaaring makitungo ang inaasintang tagapakinig sa mensahero?

Kung may pagtawag ng pagkilos, **paano** maaaring matuto ng higit na impormasyon ang inaasintang tagapakinig hinggil sa iminungkahing pagkilos Mayroon **bang** bilang ng telepono, email o pamamaraan ng pakikipag-ugnayan?

## 9 IEBALWEYT ANG INYONG IMPAK AT MULING TASAHA ANG INYONG KONTRA-NARATIBO

Upang ang kampanya ay maging sustainable, mahalaga na may ilang ebalwasyon ng impak ng kontra-naratibo.

Ang esensiyal na sangkap kung paano sukatin ang impak ay nakasalalay sa mga layunin na kinilala sa hakbang 4. Para sa mga layuning ito, mahalaga rin na manmanan ang paggampan ng naratibo laban sa mga inaasinta (hal. mga susing palatandaan ng paggampan) at rebisahin ang mga mekanismo ng paghahatid kung kinakailangan. Kasama sa ilang mga potensiyal na palatandaan para sa impak ng mga kampanya ng kontra-naratibo ang:

1. Mga estadistika sa social media kasama ang mga follower, like, Tweet at Retweet, pagbanggit, interaksyon, klik, atbp. Ang bilang ng beses na ang isang link o naratibo ay ibinahagi sa social media;
2. Bilang ng mga beses na ibinahagi ang isang link o naratibo sa social media;
3. Bilang ng beses na pinakipag-ugnayan ang detalye ng pakikipag-ugnayan (email, telepono atbp.) para sa higit pang pagkilos;
4. Kalitatibong pagtatasa ng mga interaksyon o komento hinggil sa naratibo sa pamamagitan ng maramihang mga plataporma (hindi hinihinging feedback). Kalitatibong pagtatasa ng nilalaman o mensahero batay sa hinihinging feedback (mga sarbey, focus group atbp).



## **TIP #5**

### **MAGING NAIBABAGAY, NAKAAANGKOP AT MALIKHAIN SA PAGLIKHA AT MULING PAGTATRABAHO NG NILALAMAN NG KONTRA-NARATIBO**

Ang mga bayolenteng ekstremistang naratibo ay pabagu-bago at umaangkop sa mga bagong pangyayari at impormasyon. Samakatwid, dapat gayondin ang gawin ng mga kontra-naratibo; “Dapat lumikha tayo ng mga dakilang naratibo na may ilang nakakabit na pagiging umaangkop at pagiging naibabagay. Nagbabago ang mga protagonista at antagonist. Nagbabago ang mga batayang linya ng balangkas. Gumagalaw ang mga punto ng rurok.”<sup>52</sup> Sa bagay na ito, maaaring makatulong ang regular na pagtatasa ng impak ng kampanya ng kontra-naratibo upang iakma at iangkop ang mensahe sa inaasintang tagapakinig, o ayusin ang kampanya sa isang paraan na maaari itong maging mas epektibo.

Sa bagay na ito, mahalaga na humugot ng mga aral mula sa mga organikong kampanya ng kontra-naratibo. Halimbawa, ang kampanyang #illridewithyou sa Twitter ay ipinukaw ng mabuting kalooban ng isang Australyano na nag-aalok na lumakad kasama ang isang babaeng Muslim na nakadama ng pagtatangi pagkatapos ng paglusob sa Sydney. Nagtuloy ang kalakaran nang ang isang kasamang gumagamit ng Twitter at lokal na manunulat sa TV ay nagTweet ng kanyang iskedyul sa bus at alok na magsakay ng sinuman na nakadamang hindi ligtas habang ang lungsod ay nasa high alert. Pumukaw ang hashtag ng ilang limitadong follow-up, kasama ang isang website. Gayunman, pagkatapos maging kalakaran sa buong daigdig noong Disyembre 2014, kakaunti ang ginawa upang ipagpatuloy na itaguyod at iangkop ang nilalaman ng hashtag.

<sup>52</sup> Casebeer and Russell, “Storytelling and Terrorism,” p. 7.

## MGA PAG-AARAL NG KASO MULA SA TIMOG SILANGANG ASYA



### PAG-AARAL NG KASO #1: “PAGHAMON NA MAGING KAPAYAPAAAN” #BERANIDAMI

#### INAASINTANG TAGAPAKINIG:

Ang partikular na kampanyang ito ay inaasinta sa kabataan sa mga kalunsuran sa Indonesia na aktibo sa social media tulad ng Facebook, Twitter at YouTube. Sa partikular, tumuon ang mga kampanya sa mga pamayanang sekular sa kalunsuran na bulnerable dahil may kakaunti silang pang-unawa sa relihiyon (lalo na sa Jakarta).

#### MGA MENSAHERO:

Pinag-ugnay ng kampanya ang mga pagsisikap ng 130 mga grupo sa pamayanan, kasama ang mga grupong panteatro, relihiyosong pagtitipon, mga grupo ng kaba-baihan, aktibista ng karapatang pantao, tagahanga ng mga artista, grupo ng negosyo, grupo ng kabataan, dating mga jihadi, network ng mga biktima ng relihiyoso at teroristang pag-atake at unyon sa paggawa. Kabilang sa mga susing mensahero ay mga Indones na tanyag na tao, kasama ang mga pulitikal na kilalang tao, bituwin ng palakasan at musikero.

#### MIDYUM:

Ang pangunahing plataporma ay Twitter at social media. Kasama rin sa programa ang isang malaking rali, mga TV broadcast ng susing mga tanyag na tao na nagtataguyod ng programa, at bidyo sa YouTube na inilagay sa internet sa isang baitang kinalaunan. Nilikha ang mga kalendaryo na may mga mensahe ng kapayapaan na inasinta ang mga magulang na walang kinakasama at nag-iisa na kasama rin ang mga praktikal na mungkahi sa maliliit na iskema ng pautang.

#### MENSAHE:

Ang kampanyang “Paghamon na Maging Kapayapaan” ay binuo sa Indonesia ng Wahid Institute bilang isang supplementaryong gawain sa Internasyonal na Araw ng Kapayapaan ng Nagkakaisang mga Bansa. Ang layunin ng kontra-naratibo ay isangkot at himukin ang “tahimik na mayorya” upang iparating ang isang mensahe ng moderasyon at pagpaparaya. Ang mensahe mismo ay nilayon na suriin ang mga mensahe ng kawalan ng pagpaparaya na pinalakas ng mga bayolenteng ekstremista.

#### ANG MGA SUSUNOD HAKBANG

Palalawakin ang kontra-naratibong ito kung ito ay inangkop sa ilan sa mga lokal na konteksto na hindi kalunsuran at kultura sa Indonesia. Halimbawa, sa Ambon may lokal na kultura ng “pelagandong” na tumutukoy sa mga koneksiyon at network na pampamilya na lumalampas sa relihiyon at etnisidad. Ang elementong ito ng lokal na kultura ay maaaring gamitin upang ipook ang mensahe ng pagpaparaya at moderasyon.





## PAG-AARAL NG KASO #2: ISANG KARANIWANG SALITA

### INAASINTANG TAGAPAKINIG:

Ang tuon ay ang mga pinuno at tagasunod ng Abrahamikong pananampalataya pati tagasunod ng mga relihiyosong pinunong iyon na sumang-ayon na maniwala sa mga saligan. Makukuha ang dokumento sa Ingles, Arabe, Pranses, Italyano, Aleman, Indones, Ruso at Polako, na ang panimula makukuha rin sa Espanyol.

### MGA MENSAHERO:

Ang mga pinunong Muslim sa Timog Silangang Asya at daigdig. Kasama sa mga tagaendorso ng website ang mga susing pulitikal at relihiyosong kilalang tao na may malaking impluwensiya kapwa sa mga populasyong Muslim at Kristiyano. Ang mga tumanggap ng liham ay nakapagbigay ng mga tugon sa liham, kaya kasama sa mga sekundaryang mensahero ang mga Kristiyanong pinuno at pangunahing Kristiyanong organisasyon.

### MIDYUM:

Website ([www.acommonword.com](http://www.acommonword.com)) at dokumento.

Itinataguyod din ng website na ito ang mga makabuluhang pangyayari upang tipunin ang mga relihiyosong pinuno sa pakikipag-usap sa pagitan ng mga pananampalataya, at pumukaw na ito ng ilang mga akademikong lathalain hinggil sa paksa (<http://www.acommonword.com/category/new-fruits/publications/>).

### MENSAHE:

Ang “Isang Karaniwang Salita” ay isang bukas na liham ng mga pinunong Muslim sa mga Kristiyano na nagpapaliwanag sa mga kautusan ng Diyos sa mga Muslim na mahal in Siya at mahal in ang kapwa, na tumutukoy sa kanilang mga kapatid mula sa mga Abrahamikong pananampalataya. Nagmula ang inisyatibo sa Jordan noong 2007, ngunit nakatamo ng pagtanggap sa loob ng Indonesia at Pilipinas.

Nakasalalay ang batayang mensahe sa kasulatan mula sa Bibliya at Qur'an na tumutukoy sa mga mensahe ng pagmamahal sa kapwa-tao at pagtrato sa iba nang may kabutihang-loob. Idinidiin din ng website ang mga punto sa debate at pagkakaiba sa pagitan ng mga relihiyon, at pinalalakas ang pangangailangan para sa pakikipag-usap sa pagitan ng mga relihiyosong pinuno.

### ANG MGA SUSUNOD HAKBANG

